# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 04, 2021, LUNES, IKA-9:31 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

RELEASED NAME DATE TIME STA. CRUZ, LAGUNA

22 OCT 2021

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President-Maysakit |

**KAPASIYAHAN BLG. 372-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 3 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY NG SANTO ANGEL NORTE, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 043-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 003-T2021 NA MAY KABUUANG HALAGANG P98,733.96 MULA SA SK SURPLUS O NATIRA NOONG TAONG 2020 UPANG ILAAN PARA SA OTHER SUPPLIES AND MATERIALS (P45,000.00); OTHER MAINTENANCE AND OPERATING EXPENSES (P40,000.00); AT OFFICE SUPPLIES EXPENSES (P13,733.96) NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Barangay ng Santo Angel Norte na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 043-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 003-T2021 na may kabuuang halagang P98,733.96 mula sa SK Surplus o Natira noong taong 2020 upang ilaan para sa Other Supplies and Materials (P45,000.00); Other Maintenance and Operating Expenses (P40,000.00); at Office Supplies Expenses (P13,733.96) ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Efren L. Diaz at Kgg. Mark Anthony P. Joven at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 3 ng Sangguniang Kabataan ng Barangay ng Santo Angel Norte, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 043-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 003-T2021 na may kabuuang halagang P98,733.96 mula sa SK Surplus o Natira noong taong 2020 upang ilaan para sa Other Supplies and Materials (P45,000.00); Other Maintenance and Operating Expenses (P40,000.00); at Office Supplies Expenses (P13,733.96) ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay at Sangguniang Kabataan ng Santo Angel Norte, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 04, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan 10/21/21